

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Nagbibigay ang Lungsod ng Brampton ng kakayahan na ipagpaliban ang buwis at tinatanggal ang lahat ng multa sa loob ng limang buwan

BRAMPTON, ON (Marso 21, 2020) –Sa araw na ito, tinatanggal ng Lungsod ng Brampton ang tubo at mga bayarin sa pagkaantala sa mga bayad sa buwis para sa limang buwan na yugto ng Marso 18 hanggang Agosto 19, 2020 bilang tugon sa COVID-19. Ang pasya na ito ay gagawing opisyal sa darating na pagpupulong ng konseho.

Sa ilalim ng seksyon 3.8 ng Plano sa Pangagasiwa sa Emergency ng Lungsod sa panahon ng emergency, tulad ng COVID-19 pandemic, ibinigay ang kapangyarihan sa Lungsod na gumawa ng mga nasabing aksyon “dahil maaaring kakailanganin ang mga ito para protektahan ang buhay, propyedad, ang kapaligiran, at ang ekonomiya sa loob ng hangganan ng Lungsod ng Brampton.”

Ito at ang anunsyo kaugnay ng mga pagbabago sa serbisyo ng Brampton Transit ay naaayon sa prayoridad ng Lungsod sa panahon ng COVID-19 emergency para matiyak ang kaligtasan at kabutihan ng ating komunidad.

Dapat tandaan ng mga residente at mga negosyo ang sumusunod:

- Ang tubo o mga bayarin sa pagiging late ay hindi sisingilin para sa ikalawang instalment ng mga buwis, na may taning na Marso 18, o para sa ikatlong installment, na may taning na Abril 22.
- Ang mga nagpadala ng postdated na tseke sa lungsod para sa kanilang instalment sa buwis sa Abril at gustong kanselahin ang pagbabayad ay maaaring gawin ito sa pamamagitan ng pagtawag sa 311 bago lumipas ang Abril 15.
- Ang mga instalment sa Abril para sa Abril 1, 15 at 22 ay kukunin para sa mga may paunang pinahintulutang mga pagbabayad sa buwis (pre-authorized tax payments) sa pamamagitan ng kanilang bangko. Ang mga may paunang pinahintulutang pagbabayad sa buwis para sa Mayo ay maaaringkanselahin ang kanilang instalment sa pamamagitan ng pagtawag sa 311. Para pasimulang muli ang paunang pinahintulutang pagbabayad sa huling petsa, kailangang muling mag-aplay sa Lungsod ang holder ng bayad.
- Ang mga bayad sa buwis ay patuloy na tatanggapin at ipoproseso ng Lungsod. Tingnan ang kumpletong talaan ng mga opsyon ng pagbabayad [dito](#).

Para sa anumang mga tanong, [gamitin ang form na ito](#).

Mga Quote

“Nauunawaan ng Konseho ng Brampton ang tunay na pinansyal na pasakit at paghihirap na mahaharap ng ating mga residente sa panahon nitong pandemic. Kaya ibinibigay natin sa bawat residente na gusto ang pagkakataon na ipagpaliban ang mga buwis sa propyedad na walang multa sa loob ng limang buwan. Nagtatrabaho kami para sa inyo at malinaw na naririnig namin na ito ang gusto ng komunidad sa loob nitong panahon ng malaking kaibahan sa ekonomiya.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Nangunguna sa kaisipan ng Lungsod ang mga pangangailangan ng komunidad, lalo na sa mahirap na panahong ito. Mabilis at agaran tayong tumutugon para pinakamahusay na mapaglingkuran ang mga residente at negosyo ng Brampton. Habang sarado ang mga pasilidad ng Lungsod, ang ilang serbisyo at suporta ay nananatiling available sa alternatibong mga paraan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca